Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 15, 2025, LUNES, IKA-09:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 30 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 324-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 18-T2025 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 004-T2025 NG BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN NG BARANGAY PARA SA TAONG 2026.**

SPONSOR – HON. RIZALDY N. KALAW

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Juan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 18-T2025/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 004-T2025 na nagdaragdag ng Allowance ng mga katulungin ng barangay para taong 2026;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kapasiyahan / kautusan ng barangay ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan, Lupon sa Barangay Affairs at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pagsusuri at pag-aaral.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Roselon F. Pamatmat, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lea A. Almarvez at Kgg. Norman T. Tolentino at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 18-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 004-T2025 ng Barangay San Juan, Santa Cruz, Laguna na nagdaragdag ng Allowance ng mga Katunglunin ng barangay para sa taong 2026.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTIBAY. Setyembre 15. 2025.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan